



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF BIÑAN CITY

Proyektong SinaG-Pagbasa: Salik sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagpapaunlad ng Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang sa New Normal na Edukasyon



DAISY M. CARLOS
Master Teacher I



RHEA S. VALENCIA
Teacher I



MAYLYN A. QUELA
Teacher I

Abstract ng Pananaliksik

Ang edukasyon ay maituturing na isa sa mga pangunahing sandata upang mamuno sa buhay ng isang tao. Makakatulong ito sa iyo na paunlarin ang iyong sarili at ang hinaharap. Hinihikayat nito ang isang tao na makipagsapalaran sa buhay. Tunay nga na ang edukasyon ay mahalaga para sa lahat dahil ito ay nakasalalay sa kinabukasan at simpleng buhay ng bawat isa.

Ang isang de-kalidad na edukasyon ay makakamit lamang sa pamamagitan ng pag-alam sa mga salik na nakakatulong sa pagganap ng mag-aaral. Responsibilidad ng guro na alamin ang tamang paraan upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral upang maituon nila ang kanilang isipan at puso sa mga aral na kanilang itinuturo. Ngunit kailangan ding malaman ng mga guro ang tamang mga istrategiya sa pagpapalano at makabagong gawain upang bigyang daan ang mga pinabuting at produktibong resulta sa pag-unlad ng pag-aaral ng mag-aaral, lalo na sa mga kasanayan sa pagbabasa.

Kaya nabuo ang pag-aaral na ito upang matulungan ang mga mag-aaral na pataasin ang antas ng pagbasa sa pamamagitan ng Proyektong Sinag Pagbasa. Ang proyektong ito ay ipinatupad matapos ang resulta ng PRE Phil-IRI. Mayroon itong inisyal na bilang na (50) limampung mag-aaral na kalahok sa proyektong Sinag pagbasa na nangangailangan ng masusing paggabay ng guro at magulang. Nakikita naman sa resulta ng post-test ang pagbaba sa



Address: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
Telephone Nos.: 511-4143/511-8620/511-4191/511-8746
Email Address: deped.binancity@deped.gov.ph
Website: depedbinan.com.ph

Doc. Ref. Code	SDO-XXX-FXXX	Rev	00
Effectivity	MM.DD.YY	Page	1 of 7

bilang ng mga mag-aaral na nasa antas ng pagkabigo ay kapansin-pansin at pagtaas din ng bilang ng mga mag-aaral sa ilalim ng pagtuturo at ang mga independiyenteng antas ay lubos na napabuti.

Introduksyon

Isa sa mga karapatan ng bawat batang Pilipino ang makapag-aral at makamtan ang edukasyon. Ito ay ang susog sa Artikulo 26 ng 1948 Universal Declaration of Human Rights na nagpapahayag ng “Everyone Has the Right to Education”. Kaya ang edukasyon ay mahalaga dahil ito ang tanging daan para makamit ang mga pangarap.

Ang kahilingan ng Bagong Kurikulum ay ang paglinang ng mga kasanayang pagbasa at komprehensiyon sa bawat mag-aaral. Upang makaagapay sa tawag ng makabagong henerasyon, kinakailangang matugunan ang problema sa pagbabasa at pang-unawa ng mga mag-aaral lalong -lalo na sa panahon ng New Normal, na kung saan ito ay isang malaking hamon sa ating mga mag-aaral at maging sa ating mag kaguruan.

Deped Memorandum No. 173 s. 2019, Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3B’s Initiative) Bilang suporta sa pagpapatupad ng K to 12 Basic Education Program, patuloy na tinutupad ng Departamento ng Edukasyon ang mandato nito na makabuo ng produktibo at tumutugon na mga mahahalagang kakayahan at kasanayan para sa panghambambuhay na pag-aaral. Ayon sa paunang resulta ng Pabasa marami sa mga mag-aaral ang nasa

antas ng pagkabigo at may ilang mag-aaral na hindi nakakabasa. Upang gawing mahusay na mambabasa ang bawat mag-aaral, ang mga paaralan sa buong bansa ay may tungkuling tulungan ang mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang mga kasanayan sa pagbabasa. Gayunpaman, ang mga ganitong hakbangin ay hindi pa rin sapat batay sa mga kamakailang resulta ng pambansang pagtatasa para sa pag-aaral ng mag-aaral.

Upang matugunan ang mga nabanggit na puwang, kailangang palakasin ang kasanayan sa pagbabasa ng bawat mag-aaral at pagyamanin ang kultura ng pagbabasa na isang kinakailangang kasanayan sa lahat ng mga larangan ng nilalaman.

Ang mga punong-guro at tagapag-ugnay ng paaralan ay bumuo ng mga proyektong gagabay sa pagpapatupad ng kurikulum. Sa tulong ng lahat ng guro, magulang at mga boluntaryo, ang proyektong ito ay ipinatupad gamit ang Proyektong SInAG-Pagbasa (Stratehiya at Inobatibong Angkop na Gawain sa Pagbasa) booklet at localized reading materials upang mapabuti ang pag-unawa sa pagbasa para sa mga estudyanteng may antas ng pagkabigo o “Frustration Level” sa Ikatlong Baitang ng Southville 5A Elementary School-Langkiwa. Samakatuwid, nais ng mga guro na tukuyin ang mga pang-edukasyon



Address: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna

Telephone Nos.: 511-4143/511-8620/511-4191/511-8746

Email Address: deped.binancity@deped.gov.ph

Website: depedbinan.com.ph

Doc. Ref. Code	SDO-XXX-FXXX	Rev	00
Effectivity	MM.DD.YY	Page	2 of 7

na interbensyon o materyales na kasalukuyang ginagamit nila.

Mahalagang tungkulin ang paggabay ng mga magulang upang tulungan ang kanilang anak na mapaunlad ang pagbabasa, nararapat ding magkaroon ng sapat na oras at panahon na iparamdam nila ang pagmamalasakit sa kanilang anak sa pamamagitan ng pagbabasa ng teksto o kwento. Ipinabalida ang mga teksto na ibinigay batay sa antas ng kasanayan ng mag-aaral kung angkop ba ang mga ito sa kanilang kahandaan at kaisipan sa pagbasa na may pang-unawa.

Metodolohiya

Mula sa resulta ng Paunang Pagbasa gamit ang FLAT tool, ang mga mag-aaral na nakakuha ng pinakamababang iskor ang siyang makikinabang sa programang ito. Ang magsasagawa ng programa ay hihingi ng pahintulot mula sa kanilang mga magulang o tagapangalaga ng kanilang mga estudyante.


Ang mga kalahok sa proyektong ito ay binubuo ng limampung (50) mag-aaral sa Ikatlong Baitang ng Southville 5A Elementary School-Langkiwa na nasa antas ng pagkabigo o “Struggling Learners.” Ito ay nangangailangan ng patnubay ng guro at magulang upang mapaunlad ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Sa pangangalap ng datos ng pag-aaral na ito, ang mga hakbang na ito ang tutunguhin:

FLOW CHART SA PAGSAGAWA NG PROYKTO NG SINAG PAGBASA

INPUT	PROSESO	OUTPUT
<ol style="list-style-type: none"> Ano ang antas/level ng kakayahan sa pagbasa bago at matapos ang implementasyon ng proyektong SinAG-Pagbasa? May kabuluhan ba ang pagkakaiba sa antas ng kasanayan bago at matapos ang implementasyon ng programa? Ano - ano ang mga pangunahing salik na nakaapekto sa kakayahan sa pagbasa sa teksto? Ano-ano ang mga posibleng epekto ng mga natuklasan sa pananaliksik na ito sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa? 	<p>Stage 1</p> <ol style="list-style-type: none"> Birtwal na Pagpupulong tungkol sa pagsagawa ng FLAT tool. Paghahanda ng Guro sa mga kagamitan para sa paunang online Pagbasa Pagasagawa ng Online Pagbasa Functional Literacy Assessment tool <p>Stage 2</p> <ol style="list-style-type: none"> Pagkuha ng listahan ng mag-aaral na nakakuha ng reading scale 0-4 ay magpapatuloy sa Proyektong Sinag Pagbasa Paghahanda ng mga Localized Reading Materials Pagpapatawag sa mga magulang ng bata na kasama sa Proyektong SinAG Pagbasa Pamamahagi ng Localized Reading Material at proyektong Sinag pagbasa booklet Pagkuha ng resulta sa natapos na Functional Literacy Assessment <p>Stage 3</p> <ol style="list-style-type: none"> Implementasyon at Pagsasagawa ng Online/Offline Reading Remediation/ Intervensyon sa mga mag-aaral na kabilang sa proyektong SinAG-Pagbasa Pagpapabasa gamit ang Sinag pagbasa booklet Pagbibigay ng follow up reading monitoring assessment per quarter Pagpapatawag sa magulang tuwing distribution of reading materials Pagsasagawa ng Post Assessment Test (Oral and Comprehension) 	<p>Stage 4</p> <ol style="list-style-type: none"> Pagkokolekta ng datos at Pag-aanaliza ng Resulta Kabuan o Buod Konklusyon Rekomendasyon Repleksyon Epekto sa Pag-aaral

Resulta ng Pananaliksik

Talahanayan 1: Resulta ng Paunang Pagbasa (Pretest) ng Mag-aaral sa Ikatlong Baitang na nasa antas ng Pagkabigo o Frustration Level




Ang isinagawang paunang pagbasa ay nagpakita na mayroong 12 o 24% ng kabuuang mag-aaral ang may kaalaman sa pangalan ng letra, 17 o 34% na may kaalaman sa tunog ng letra, at 21 o 42% ang nakakabasa ng paunang pagkakilala ng tunog. Ang kabuuang bilang ng mag-aaral na nasa antas ng pagkabigo ay (50)



limampu. Upang mapataas ang antas ng pagbasa, ito ay nangangailangan ng kaukulang pagtugon ng magulang at guro upang gabayan, turuan at mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbabasa. Mahalaga ang isagawang interbensyon ng guro upang ang mag-aaral ay matulungan sa kanilang pagbabasa, gayundin ang magulang na walang oras na turuan ang kanilang anak dahil abala sa trabaho.

Talahanayan 2: Resulta ng Post Assessment Test ng Mag-aaral sa Ikatlong Baitang



Ayon sa resulta ng Post Assessment Test, makikita sa talahanayan na mayroon pang mag-aaral na ang Reading Scale ay 2 initial sound, 7 familiar word at 5 invented word. 14 na mag-aaral o 28 % sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral ang nanatiling nasa antas ng pagkabigo o frustration level. Ang datos na ito ay nangangahulugan na nabawasan ang bilang ng antas ng pagkabigo noong paunang pagbasa o pretest. Ang guro at magulang ay lalo pang

magtutulungan, bigyang pansin, paglaanan ng sapat na oras at tutukan ang pagbabasa ng mag-aaral upang mapunan ang learning gap nito. Samantalang mayroon ng 27 mag-aaral o 54% ang nasa antas ng pagkatuto o instructional level at 9 na mag-aaral o 18% ang nasa antas ng Malaya o independent level. Ang kabuuang resulta ay nagpapakita na mayroong pagtaas ng bilang at pag-unlad sa reading level ng mga mag-aaral pagkatapos ipinatupad ang proyektong Sinag Pagbasa.

Talahanayan 3: Mean sa pagitan ng Resulta sa Pretest at Post test ng Mag-aaral sa Ikatlong Baitang sa Word Recogniton.

Pre-Test Mean	Post-Test Mean	Mean Difference
3.18	6.48	3.30

Ang talahanayan 3 ay nagpakita na ang pre-test mean ng mga marka ng antas ng pagbasa ng kabuuang 50 mag-aaral sa larangan ng pagkilala ng salita bago ang pagpapatupad ng Proyektong Sinag Pagbasa ay 3.18 lamang. Ipinakita rin sa talahanayan na pagkatapos ng pagpapatupad ng Proyektong Sinag Pagbasa, ang mean na antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ay 6.48. Ipinahihiwatig pa nito na ang pagkakaiba ng mean sa pagitan ng pre-test at post-test ay nangangahulugan ng mga kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral o respondente.

Talahanayan 4: Mean sa pagitan ng Resulta sa Pretest at Post test ng



Mag-aaral sa Ikatlong Baitang sa Komprehensyon.

Pre-Test Mean	Post-Test Mean	Mean Difference
4.32	4.70	0.38

Ipinapakita sa talahanayan 4 ang mga pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test reading comprehension score para sa 50 mag-aaral. Dagdag pa rito, ang antas ng reading comprehension ng mga respondente bago ang pagpapatupad ng Proyektong Sinag Pagbasa ay 4.32, at mula sa talahanayan ay makikita na ang average posttest reading comprehension score ng mga respondente ay 4.70. Ang pagtaas ng 0.38 ay nangangahulugan na mula sa nakaraang antas ng pagbasa na 3.18 ang mga respondente ay mayroon na ngayong reading comprehension.

Kabuuan/ Buod

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay maghanda ng mga istrategyang pangguro na lilinang sa mga kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa antas ng pagkabigo. Ang proyektong ito ay isinasagawa nito lamang Enero-Hunyo 2022 sa Ikatlong Baitang ng Southville 5A Elementary School. Masasabing matagumpay ang proyektong Sinag Pagbasa dahil sa isang pangkalahatang pag-aaral, lumabas sa resulta ng paunang pagbasa (Pretest) ng Mag-aaral sa Ikatlong Baitang ay karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas ng pagkabigo o frustration level (28%). Ang bawat guro ay naglaan ng oras at panahon para sa pagpapabasa

ng mag-aaral. Tuwing araw ng distribution of outputs, nagbibigay ang guro ng mga localized reading materials para pag-aralan at patuloy na babasahin sa bahay. Dahil dito ang bilang ng pagkabigo o frustration ay unti-unting nabawasan dahil sa pakikipagtulungan ng mga magulang at sa pagsisikap ng mga guro na isulong ang pagkatuto at magbigay ng angkop na mga programang interbensyon at remedial.

Ang mga resulta ng post-test ay nagpapakita lamang na ang antas ng pagkatuto o instructional level ay tumaas ang bilang (54%), kasama ang ilang mga mag-aaral na sa antas ng malaya o independent level (18%). Ito ay isang indikasyon na ang mga interbensyon na ipinatupad sa paaralan ay epektibo para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng pagsubaybay ng guro at magulang. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga supplementary reading materials na ginagamit nila sa pagsasanay ng pagbabasa, paggamit ng iba't-ibang teknolohiya o online platforms para maipaabot ang pagtuturo sa mga mag-aaral ay nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad ang kanilang pagbasa. Ang patuloy na pagsusubaybay at pakikipag-ugnayan ng magulang at guro sa kakayanan ng mag-aaral sa reading remediation program ay mahalagang salik sa paglinang ng pag-unlad sa pagbasa.

Ang talahanayan 3 ay nagpakita na ang pre-test mean ng mga marka ng antas ng pagbasa ng kabuuang 50 mag-aaral sa



larangan ng pagkilala ng salita bago ang pagpapatupad ng Proyektong Sinag Pagbasa ay 3.18 lamang. Ipinakita rin sa talahanayan na pagkatapos ng pagpapatupad ng Proyektong Sinag Pagbasa, ang mean na antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ay 6.48. Ipinahihiwatig pa nito na ang pagkakaiba ng mean sa pagitan ng pre-test at post-test ay nangangahulugan ng mga kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral o respondente.

Ipinapakita sa talahanayan 4 ang mga pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test reading comprehension score para sa 50 mag-aaral. Dagdag pa rito, ang antas ng reading comprehension ng mga respondente bago ang pagpapatupad ng Proyektong Sinag Pagbasa ay 4.32, at mula sa talahanayan ay makikita na ang average posttest reading comprehension score ng mga respondente ay 4.70. Ang pagtaas ng 0.38 ay nangangahulugan na mula sa nakaraang antas ng pagbasa na 3.18 ang mga respondente ay mayroon na ngayong reading comprehension.

Samakatuwid, ayon sa datos na nakuha, makikita natin na mayroong pagtaas ng bilang ng mag-aaral na nasa antas na ng instructional at independent level. Ibig sabihin nito ang mag-aaral na dating nasa antas ng pagkabigo ay unti-unting nakakabasa at nakakaunawa. Hindi man lahat nakakausad subalit dahan- dahan itong nabago sa pagsisikap at gabay ng guro at magulang.

Napakalaking tulong para sa mga guro na gumamit ng mga angkop na interbensyon o pedagogy para sa mga batang may kahinaan sa pagbabasa habang nakakatulong sila sa pagbuo ng mga kasanayan sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Nahahasa ang kasanayan ng mga guro sa pagbuo at paggawa ng iba't-ibang estratehiya, inobasyon upang maging epektibo ang proyektong Sinag Pagbasa. Napag alaman ng mga guro ang mga mag-aaral ay may iba't-ibang katangian, kakayahan, lebel ng pagkatuto at interes na nakaaapekto sa kakayahan nila sa loob ng silid-aralan.

Sa kabuuan ang grupong ito ay naniniwalang naging epektibo at malaking tulong ang proyektong Sinag Pagbasa sa inisyatibo ng mga guro sa kabila ng ating kinakaharap na hamon para sa ikauunlad ng pagbasa at kakayahan ng mag-aaral. Kaalinsabay nito'y patuloy na maghanap pa ng kapamaraan kung paano maipapaabot ang tulong sa mas nangangailangang mag-aaral higit sa lahat ang pagtuturo at gabay ng guro.

PASASALAMAT

Ang pananaliksik ng mananaliksik ay nagiging katotohanan sa tulong, paghihikayat, at suporta ng maraming indibidwal. Ang mananaliksik ay

nais na magpaabot ng taos pusong pasasalamat at pagpapahalaga sa mga sumusunod:



Address: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna

Telephone Nos.: 511-4143/511-8620/511-4191/511-8746

Email Address: deped.binancity@deped.gov.ph

Website: depedbinan.com.ph

Doc. Ref. Code	SDO-XXX-FXXX	Rev	00
Effectivity	MM.DD.YY	Page	6 of 7

Sa punong-guro ng paaralan, si Nenette M. Lacuarin at tagapag-ugnay ng pananaliksik sa paaralan, Rona A. Alzona sa kanilang paggabay at pag-apruba upang gawing posible ang pag-aaral na ito.

Sa mga kapwa ko guro sa ikatlong baitang at mga magulang, para sa kanilang walang katapusang tulong, pakikipagtulungan, pagmamahal, suporta, at oras sa buong panahon ng pananaliksik. Kung wala ang kanilang kooperasyon, hindi magiging posible ang pag-aaral na ito.

Higit sa lahat, nais kong magpasalamat sa ating DIYOS NA MAKAPANGYARIHAN para sa lakas, at karunungan na ipinagkaloob niya para matapos ito pananaliksik.

Taos-puso at taos-pusong pasasalamat pagpapahalaga.

_of_Education_Republic_of_the_Philippines

Tatlongmaria, M. A. (2021, October 13). *depedbinan.com*. Retrieved from https://www.depedbinan.com/media/issuances/Division_Memorandum_No._430_s._2021.pdf: https://www.depedbinan.com/media/issuances/Division_Memorandum_No._430_s._2021.pdf

References

Briones, L. M. (2019, November 22). *deped.gov.ph*. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/11/DM_s2019_173-1.pdf: https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/11/DM_s2019_173-1.pdf

Malco, J. (2018). *academia.edu*. Retrieved from https://www.academia.edu/37156256/The_Philippine_Informal_Reading_Inventory_Manual_2018_Department_of_Education_Republic_of_the_Philippines: https://www.academia.edu/37156256/The_Philippine_Informal_Reading_Inventory_Manual_2018_Department



Address: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
Telephone Nos.: 511-4143/511-8620/511-4191/511-8746
Email Address: deped.binancity@deped.gov.ph
Website: depedbinan.com.ph

Doc. Ref. Code	SDO-XXX-FXXX	Rev	00
Effectivity	MM.DD.YY	Page	7 of 7